

Chapter *One*

*M*abigat ang katawan na sumandal si Leslie pagkaupo niya sa middle seat ng kanyang van. Buong araw siyang nag-taping ng bago niyang pelikula. Pakiramdam niya, daig niya pa ang nag-zumba buong araw sa labis na pagod.

Sa wakas, natapos din ang araw na ito. I need to rest.

Ipinikit niya ang mga mata. Narinig niyang bumukas at sumara ang pinto sa front seat. Marahil ay tapos nang ligpitin ng personal assistant niya ang lahat ng gamit niya. Ilang saglit pa ay naramdaman niya ang pagtakbo ng sasakyan nila.

Alam ng driver at assistant ni Leslie na kapag ganitong lugmok siya, ayaw niyang iniistorbo siya.

Mayamaya pa'y narinig niya ang pagtunog ng

kanyang telepono. Ngunit di pa rin siya nag-atubiling imulat ang kanyang mga mata. Isa pa, hawak naman ni Jovie ang cellphone niya.

“M-Miss Leslie,” nahihiya nitong sambit. Marahil ay nagdadalawang-isip rin ito na abalihin siya.

“Hmm...” tugon niya.

“Tumatawag po ang mommy n’yo.” Iniba niya ang posisyon ng ulo niya, ngunit di pa rin niya iminumulat ang mga mata.

“Pakisabi na nakatulog ako. Please, Jovie, kailangan ko talagang magpahinga.”

“O-okay po.” Narinig niyang sinagot nito ang tawag. Ngunit kung ano ang napag-usapan ng mga ito, di na niya binigyang-pansin. Wala siyang nais gawin kundi matulog hanggang maaari.

Dalawang linggo na ring babad sa puyatan ang dalaga. Nagkasabay kasi ang taping ng movie at soap opera niya. Nandiyan pa ang launching ng upcoming album niya. Minsan nga di na siya umuuwi sa bahay niya. Nagiging instant house at restaurant na ang kanyang van.

Maraming nagsasabing ang suwerte niya. Subalit kapalit naman ng tagumpay na tinatamasa ni Leslie ay walang hanggang kayod-kalabaw. Ngunit gayunpaman, di niya na lamang iniisip ang pagod. Masaya siyang naging bahagi siya ng buhay ng mga taong naniniwala sa kakayahan niya. Masarap pakinggan na napapangiti

at napapaiyak niya ang kanyang mga fans sa bawat eksenang ginagawa niya.

Bata pa lang si Leslie ay kinikitaan na siya ng malaking karera sa showbiz. Sabi nga nila, nasa dugo niya na iyon. Dating sikat na child star at beauty queen ang mommy niya. Magaling din itong kumanta tulad niya.

Magmula noong nagkaisip siya, pangarap niya nang sundan ang yapak ng kanyang ina. Kahit na tutol ang daddy niya sa buhay na pinili niya. Wala pa rin itong nagawa upang hadlangan siya.

“Aray!” Awtomatikong napahawak siya sa noo nang mauntog siya sa driver seat. “Manong, hinay-hinay naman po.” Sa sobrang sakit, nawala tuloy ang antok niya.

“Sorry po, Miss Leslie. May tao po kasing nakahandusay sa daan.” May kaba sa boses ni Mang Elmer nang sumagot.

“Ho?” Madali niyang ibinaba ang bintana sa gawi niya. “Saan ho, Manong?” nag-aalala niyang tanong.

“Miss Leslie, ’wag po kayong bumaba. Baka modus lang po ’yan ng mga mandurugas,” paalala ni Jovie sa kanya. “Manong, mabuti pa po iatras n’yo na lang ho. Baka mapahamak tayo diyan,” dagdag pa nito.

“P-pero... m-mukhang duguan yata, eh,” tutol ng driver nila.

Di maiwasang mataranta si Leslie sa sinabi ng

lalaki. “D-duguan ho? T-tulungan po natin.” Bago pa man makasagot ang mga kasama niya, nauna na siyang bumaba ng kotse.

“*Dios mio*, Miss Leslie!” narinig niyang sigaw ni Jovie. Ngunit di niya ito binigyang-pansin. Mayamaya pa’y katabi niya na ang dalawa.

“God, duguan siya!” nag-aalala niyang wika. Ramdam niyang natataranta ang mga kasama niya.

“A-ano’ng gagawin natin?” nanginginig na tanong ni Jovie. “M-Manong, tumawag po tayo ng ambulance,” mungkahi nito.

“No.” Napatingin sa kanya ang dalawa.

“P-pero, Miss Leslie, ano’ng gagawin natin diyan?”

Pinulsuhan niya ang estranghero. “He’s still alive.” Napansin niyang may sugat ito sa tagiliran. Kinuha niya ang panyo sa kanyang bulsa. Itinakip niya iyon sa dumudugong sugat at idiniin.

“Manong, tayo na po’ng magdala sa kanya sa hospital.” Inilagay ni Leslie ang isang kamay niya sa ilalim ng likod ng walang malay-taong estranghero samantalang ang isang kamay niyang nabahiran na ng dugo ay tinatakpan ang sugat nito.

“Sige po, Ma’am.” Pumuwesto ang matandang lalaki sa uluhang bahagi ng lalaki.

Napatingin siya sa assistant na nanonood lang sa kanila. “Jovie...” Tumingin ito sa kanya. “Tulungan mo kaming maisakay siya sa van.”

“T-tumawag na lang po tayo ng ambulansya,” anito.

“Jovie, bago pa makarating dito ang ambulance, malamig na bangkay na ito. Kaya sige na, tumulong ka na,” pilit niyang pangungumbinsi dito. Bakas man ang takot sa mukha ng PA, wala rin itong nagawa kundi ang tumulong. Nagmadali itong lumapit sa kanila. Hinawakan nito ang dalawang binti ng estranghero.

“Okay. Sabay-sabay tayo.” Naglipat ang tingin niya sa dalawang kasama. “One, two, three!” Buong puwersa nilang pinagtulungang buhatin ang duguang lalaki.

Nahirapan sila sa pagbuhat dito. Mataas itong tao at medyo malaki ang katawan. Inilagay nila ito sa middle seat. Pagkatapos itong maipasok, isa-isa na rin silang sumakay.

Ipinatong ni Leslie sa binti niya ang ulo ng lalaki. Parang gustong mag-unahan sa pagpatak ng luha niya nang malinaw niyang mapagmasdan ang mukha nito. Puno ng pasa at dugo. Halos di na nga ito makilala. Namamaga ang mga mata nito.

God, please save him.

Muli niyang tinakpan ang dumudugong sugat nito. Marami na ang dugong nawala rito. Kapag di pa sila nagmadali, baka ito pa ang maging sanhi ng pagkamatay nito.

“Pakibilisan po, Manong!” Nape-pressure na rin ang dalaga sa sitwasyon. Hindi niya na maintindihan ang sarili. Parang gusto niyang maiyak at sumigaw. Ang

totoo ay nakakaramdam din siya ng takot. Pangalawang beses na siyang nakakita ng duguan at walang malay na tao. At ang unang pangyayaring iyon, kailanma'y di niya makakalimutan.

Naramdaman niyang may malamig na butil ng tubig ang dumaloy sa pisngi niya. Bahagya niyang itinaas ang ulo upang mapigil ang lalo pang pag-agos ng luha mula sa kanyang mga mata. Hindi maaaring habang-buhay na lamang siyang nakalubog sa kanyang nakaraan.

Napabuntong-hininga si Leslie. Ibinalik niya ang atensyon sa lalaking nakahiga sa kandungan niya. Sumilay ang mapaklang ngiti sa kanyang mga labi.

“Lumaban ka,” mahinahong bulong niya.

“M-Manong, bilisan n’yo pa po,” takot pa ring sabi ni Jovie.

Awtomatikong nabaling ang atensyon niya sa dalawang taong nasa harapan niya.

“O-opo,” tugon ng driver. Bakas sa boses nito ang kaba. Naramdaman niyang di na rin normal ang pagpapatakbo nito.

“Manong, relax lang po. Baka di po tayo makaabot ng hospital niyan,” aniya. “Ingat po sa pagpapatakbo. Baka tayo naman po ang maaksidente.” Tiningnan niya ito sa rearview mirror. Nakita niyang tumango si Mang Elmer bilang tugon sa sinabi niya.

Pansin niya ring nanlulumo na sa takot si Jovie.

“Okay ka lang, Jov?” baling na tanong niya sa dalaga. Magkasunod na tango lamang ang isinagot nito. “Relax lang, okay?”

“O-okay po, Miss Les.” Nakita niyang napakuyom ang dalawang kamay nito habang nakatingin sa lumpasay na katawan ng estranghero.

“Jov, may towel ka ba diyan? O kahit anong tela na p’wede nating itakip sa sugat niya.” Napatingin si Leslie sa kamay niya. “Basang-basa na kasi itong panyo.” Napuno ng dugo ang panyo niya.

“T-teka lang po, Miss Les.” Mabilis itong naghalungkat sa bag na nasa tabi nito. Mayamaya pa ay may inabot ito sa kanya.

“Salamat,” aniya matapos niyang tanggapin ang damit na binigay nito. Mabuti na lamang at hindi nito napansin ang namamasa niyang mga mata. Marahil ay dahil na rin sa magkahalong takot at pagkataranta nito.

“Yan lang ang nahablot ko dito, eh.”

“Okay na ’to.”

Nang makarating sila sa pinakamalapit na ospital, kaagad silang sinalubong ng nakaantabay na mga nurses at doctors. Mabilis na ipinasok ng mga ito ang pasyente sa emergency room. Di na sila hinayaan na makapasok sa loob.

God!

Pagkatapos ng lahat ng nangyari nang gabing ito, biglang nanlambot ang mga tuhod ni Leslie. Parang

hinigop ng labis na pangamba at takot ang lahat ng lakas niya.

Naisuklay niya ng kamay ang kanyang buhok. Umupo siya sa pinakamalapit na upuang nakita niya. Pakiramdam niya, kahit anong oras ay maaari siyang mawalan ng malay. Napasandal siya saka ipinikit ang mga mata.

Sana naman mailigtas siya. Please, Lord, bigyan N'yo po siya ng isa pang pagkakataong mabuhay.

“Miss Leslie?” Dahan-dahan niyang iminulat ang mga mata. “Uminom po muna kayo.” Iniabot sa kanya ng PA ang bottled water.

Tinanggap niya iyon. “Salamat.” Uminom siya ng tubig. Tulad niya ay may mga bahid din ng dugo ang damit ni Jovie.

Ngumiti ito saka umupo sa tabi niya. “Makakaligtas pa kaya siya, Miss Leslie?”

Napaisip siya sa tanong nito. Tumaas-baba ang mga balikat niya. Tiningnan niya sa mga mata ang kausap. “I hope so. Ipagdasal na lang natin.” Napalitan ng lungkot ang pangamba sa mga mata nito. Narinig niya ring bumuntong-hininga ang PA.



Isa't kalahating oras din ang hinintay niya bago lumabas ang doktor mula sa emergency room. Sinalubong niya ito.

“Doc, how is he?” bakas ang pag-aalala na tanong niya.

Hindi gusto ni Leslie ang aura ng mukha nito. Alam na niyang di maganda ang balita nito. “Okay lang siya, di ba, Doc?” usisa niya.

“I’m sorry. Hindi ko masisigurong magiging mabuti ang lagay niya.” Napasandal siya sa pader sa narinig. “Maraming dugo ang nawala. May saksak din siya sa katawan. He needs to—” Natigilan ito nang itinaas niya ang kamay.

“Okay, Doc. Naiintindihan ko po. So ngayon, gawin n’yo lahat ng operation o kung ano man para gumaling siya. ’Wag n’yo pong isipin ang gastos dahil ako ang magbabayad ng lahat. Naiintindihan n’yo po ba ako?”

“Yes, Miss Leslie.”

Hindi na niya nagawang sagutin ang doktor dahil sa biglang pagsulpot ni Jovie. Humihingal itong huminto sa tabi niya.

“May problema ba, Jov?” Pilit pa ring hinahabol nito ang hininga habang nakahawak sa dibdib nito. “O-okay ka lang ba?” muli niyang tanong.

Panay ang iling nito. “M-Miss Leslie, kailangan n’yo na pong umalis sa lugar na ito.”

Kumunot ang noo niya sa narinig. Aalis? Bakit naman kaya? “Wait, Jov, pinapaalis mo ako? May pasyente pa tayo, ah. Tayo ang naghatid sa kanya dito, kaya responsibilidad natin siya,” paliwanag niya.

“Alam ko po, Miss Leslie. Pero kasi po, unti-unti na pong dumadami ang mga tao sa labas. Mukhang pumutok na po ang balita na nandito kayo. Masasabunutan po ako ni Mother Babes kapag dinumog kayo dito ng mga fans n’yo,” takot na sabi nito.

Bigla na rin siyang nataranta sa sinabi nito. Tiyak na malaking isyu ang haharapin niya. Samu’t saring espekulasyon na naman ang lalabas. Hindi siya maaaring makita ng maraming tao. Puwede niyang itanggi ang isyu kapag wala namang magpapatunay sa mga alegasyon sa kanya.

Hindi naman sa natatakot si Leslie. Ayaw niya lang mabahiran ng kahit anong tsismis ang pangalan niya. Hindi lang naman ang karera niya ang pinapangalagaan niya. Iniingatan niya rin ang pangalan at reputasyon ng kanyang pamilya.

“Ano’ng gagawin natin? Paano tayo lalabas?” Panay ang lingon niya sa paligid.

“Doon tayo sa likod, Miss Leslie. May labasan daw doon, s’abi n’ung guard. ’Tsaka tinawagan ko na si Mother. Ipasusundo niya raw tayo.”

Nalipat ang atensyon ni Leslie sa kasama nilang driver na nakaupo sa harap ng emergency room. “Manong...” Lumingon ito sa kanya. “Manong, kayo na po muna’ng bahala dito. Kung ano pong balita at pangangailangan ng pasyente ay tawagan n’yo po agad ako.” Saglit itong tumahimik.

“P-pero paano po kayo, Ma’am?”

“Ako na po’ng bahala kay Miss Leslie, Manong,”
sabat ng dalagang PA. Mukhang nakumbinsi naman ito.

Mahigpit na hinawakan ni Jovie ang kamay niya habang palabas sila ng hospital. Sa mga ganitong pagkakataon ay tanging ang assistant niya lang ang inaasahan ni Leslie.



Dahan-dahang iminulat ni Imir ang mga mata. Namilipit siya nang maramdaman ang pananakit ng buo niyang katawan. Napahawak siya sa tagiliran niya at napapikit nang maalala ang nangyari sa kanya.

Mga hayop!

Lumuwas siya ng Maynila upang makipagsapalaran. Ngunit sangkatutak na kamalasan ang inabot niya. Na-holdup siya ng tatlong lalaki habang naghahanap siya ng matutuluyan. Hindi pa nakontento ang mga ito sa mga gamit at kaunting pera na nakuha sa kanya. Pinagbubugbog pa siya ng mga ito at sinaksak.

Pagkatapos niyon, wala na siyang maalala. Bigla na lamang siyang nawalan ng malay.

Iginala ng binata ang tingin sa kinaroroonan niya. Tahimik at maganda ang silid. Naramdaman niya ang malamig na buga ng hangin na nagmumula sa air-con. Kung hindi siya nagkakamali, nasa ospital siya. Ngunit di niya maiwasang magtaka. Sa hitsura ng silid

na kinalalagyan niya, natitiyak niyang nasa pribadong kuwarto siya.

Kahit na hirap ay sinubukan niyang maupo. Gusto niyang tumayo at lumabas, ngunit sadyang mahina pa ang katawan niya. Napatingin siya sa pinto nang bumukas iyon. Isang babae ang iniluwa niyon.

Nanlaki ang mga mata nito nang makita siya. “D-Doc! Doc!” Muli itong lumabas ng silid habang tumatawag ng doktor.

Kaagad namang nagsipasukan ang mga taong nakasuot ng puting uniporme. Kung anu-ano ang ginawa ng mga ito. Tinutukan ng doktor ng ilaw ang kanyang mga mata at tiningnan ang loob ng bibig niya. Sinuri rin nito ang blood pressure niya.

Nang makontento na ito ay kaagad itong lumabas kasama ng babaeng nakita niyang pumasok ng silid kanina.

Ilang saglit pa, narinig ni Imir ang muling pagbukas ng pinto. Parehong babae pa rin ang nakita niya. Ngunit narinig niyang may kausap ito sa telepono.

“Yes, Miss. Ako na po’ng bahala sa lahat.” Iyon na lamang ang naabutan niyang sinabi nito sa kausap sa kabilang linya, pagkatapos ay ibinaba na nito ang telepono.

Tumitig ito sa kanya. Mukhang di ito makapaniwala na buhay siya. Ilang sandali ring namagitan ang katahimikan sa pagitan nila. Ayaw niya rin namang

magsalita. Nahihiya siya. Ni wala nga siyang alam kung paano siya napunta sa ospital.

“Ano’ng pangalan mo?” pagbasag nito ng katahimikan.

“I-Imir Santos.”

“Imir?” Tumango siya. “I see. Anyway, n’ung gabing natagpuan ka namin, akala namin patay ka na. Salamat na lang at ligtas ka. ’Tsaka, naipa-blotter na rin namin ang nangyari sa ’yo. Mayamaya lang ay darating na ang mga pulis upang mag-imbetiga.”

Napatango na lamang si Imir sa kausap. Nagpasalamat na lamang siya at tinulungan siya nito.

